Mapagkukunan ng impormasyon para sa mga manggagawa ng international agri-food

Alamin ang mga mapagkukunan impormasyon para sa mga internasyonal na manggagawa sa agri-food, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga programa, iyong mga karapatan, kaligtasan at higit pa.

1. Bago ka pumunta sa Ontario
2. Pagdating mo sa Ontario
3. Ang iyong mga karapatan at kaligtasan sa lugar ng trabaho
4. Pag-access sa health care
5. Pag-aadjust sa buhay sa Ontario
6. Paghahanap ng suporta
7. Bago ka umalis sa Ontario

Pagdating mo sa Ontario

Ano ang aasahan pagdating mo sa Toronto Pearson International Airport sa Ontario

Alamin ang tungkol sa proseso ng pagpasok sa Canada at kung paano matanggap ang iyong work permit.

Suriin ang mga detalye ng iyong work permit kapag natanggap mo ito mula sa opisyal ng Canada Border Services Agency (CBSA).

Sa paliparan

Tiyaking tama ang impormasyon sa iyong work permit. Halimbawa, siguraduhing tama ang spelling ng iyong pangalan. Hilingin sa opisyal ng CBSA na itama ang anumang mga pagkakamali **bago ka umalis ng paliparan**.

Sa labas ng paliparan

Kung aalis ka ng paliparan at mapansin mo kalaunan ang isang pagkakamali sa iyong work permit, kakailanganin mong humiling ng isang pagbabago mula sa IRCC. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagkumpleto ng form na "Request to Amend the Record of Landing, Confirmation of Permanent Residence or Valid Temporary Resident Documents" at pagpapadala ng form kasama ang mga sumusuportang dokumento ayon sa gabay sa tagubilin ng IRCC. Maaari mong kontakin ang call center ng IRCC (1-888-242-2100) habang nasa Canada para sa tulong sa pagsusumite ng kahilingan upang itama ang isang error sa iyong work permit.

Kunin ang iyong Social Insurance Number sa Toronto Pearson International Airport

Ang iyong Social Insurance Number (SIN) ay isang 9 na digit na numero na kinakailangan upang:

- magtrabaho at tumanggap ng suweldo sa Canada
- ma-access ang mga programa at benepisyo ng gobyerno
- mag-file ng iyong tax return

Awtomatikong mawawalan ng bisa ang iyong SIN sa petsa ng pagtatapos ng iyong work permit at kakailanganing i-renew kung babalik ka sa trabaho sa Canada.

Sa paliparan, maaari mong kunin ang iyong SIN bago umalis sa secure baggage claim area. May kiosk ng Service Canada sa secure baggage claim area ng paliparan kung saan ka maaaring mag-apply para sa SIN sa unang pagkakataon, kumuha ng kumpirmasyon ng iyong SIN o i-update ang iyong impormasyon (halimbawa, pagpapalit ng legal na pangalan, pagwawasto ng error).

Kung hindi mo natanggap ang iyong SIN o na-update ang iyong impormasyon habang nasa paliparan, maaari kang bumisita sa isang lokasyon ng Service Canada nang personal, mag-renew o mag-apply para sa iyong SIN sa pamamagitan ng mail, o mag-apply online upang mag-update o makatanggap ng bagong SIN.

Paghingi ng tulong habang nasa loob ng Toronto Pearson International Airport

Ang Polycultural Immigrant and Community Services (Polycultural) ay isang organisasyong sumusuporta na nagbibigay ng impormasyon at oryentasyon sa mga IAW na dumarating sa Toronto Pearson International Airport. Maraming wika ang sinasalita ng kanilang mga tauhan. Maaari ka nilang ikonekta sa mga organisasyong sumusuporta sa lugar kung saan ka titira at magtatrabaho at matutulungan ka rin nilang makuha ang iyong SIN habang nasa loob ng paliparan o kung may mapansin kang mga pagkakamali sa iyong work permit.

Maghanap ng mga Polycultural staff. Nakasuot sila ng kulay orange na jacket o lanyard sa secure baggage claim area.

Pagdating mo sa iyong destinasyon para sa trabaho

Pagkatapos umalis sa paliparan at makarating sa iyong destinasyon para sa trabaho, dapat mong:

- kunin ang iyong health card sa Ontario Health Insurance Plan (OHIP) o i-renew ang iyong card
- alam ang mahahalagang numero ng telepono para sa tulong, mga health services at workplace safety
- hanapin kung saan makaka-access sa mga serbisyong pinansyal at magbubukas ng bank account
- alamin kung anong mga buwis sa kita ang inaasahang babayaran mo at kung paano mo ito babayaran
- alamin kung paano kumuha ng driver's license sa Ontario, kung kinakailangan

Kunin ang iyong health card sa Ontario Health Insurance Plan (OHIP) o i-renew ang iyong card

Ang Ontario Health Insurance Plan (OHIP) ay nagbabayad para sa marami sa mga health services na maaaring kailanganin mo habang naninirahan at nagtatrabaho sa Ontario.

Sa ilalim ng Seasonal Agricultural Worker Program, ang mga manggagawa ay karapat-dapat para sa saklaw sa ilalim ng OHIP mula sa unang araw ng kanilang pagdating sa Ontario. Ang lahat ng iba pang IAW na may balidong work permit ay kailangang magpakita ng proof of employment sa isang negosyo sa Ontario sa isang full-time na trabaho nang hindi bababa sa 6 na magkakasunod na buwan.

Kakailanganin mong magpakita ng health card ng OHIP (Figure 1) kapag kumukuha ng mga health services upang patunayan na sakop ka ng OHIP. Walang bayad ang pagtanggap ng health card ng Ontario o ang pagtanggap ng mga health services na ganap na sakop sa ilalim ng OHIP.

Figure 1. OHIP health card

Mag-apply para sa isang OHIP health card

Dapat kasama sa lahat ng aplikasyon para sa OHIP health card ang:

- isang balidong pasaporte para sa mga identification purposes
- isang balidong work permit
- ang iyong dating health card o ang numero ng health card (kung mayroon kang OHIP coverage noong mga nakaraang taon habang nasa Ontario)
- isa sa mga sumusunod na form ng aplikasyon:
    - Kung ikaw ay isang manggagawa sa ilalim ng Seasonal Agricultural Worker Program, dapat mong kumpletuhin ang Rehistrasyon ng Seasonal Agricultural Workers para sa Ontario Health Coverage (Form 3715-82). Maaari ka ring mabigyan ng form na ito pagdating mo.
    - Para sa lahat ng iba pang manggagawa, kumpletuhin ang Pagpaparehistro para sa Ontario Health Insurance Coverage (Form 0265-82).

Mga bagong aplikasyon para sa health card

Kung ikaw ay isang IAW na hindi pa kailanman nagkaroon ng Ontario health card o hindi pa nagkaroon ng Ontario health card na may wastong larawan at lagda sa loob ng nakaraang 5 taon, dapat kang mag-apply nang personal sa isang lokasyon ng ServiceOntario. Maghanap ng lokasyon sa ServiceOntario na malapit sa iyo o tumawag sa 1-888-376-5197 para magpa-appointment.

Para mag-apply para sa isang bagong health card, kakailanganin mong magpakuha ng litrato sa isang lokasyon ng ServiceOntario. Dalhin ang iyong application form at mga kinakailangang dokumento sa iyong appointment. Maaari kang mag-book ng appointment nang maaga sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-376-5197.

Maaari ka ring makipag-usap sa iyong employer tungkol sa pagpapa-appointment para sa iyo. Magkakaroon ng mga kagamitan/serbisyo sa translation ang mga lokasyon ng ServiceOntario, kung kinakailangan.

Mga returning workers na nagre-renew ng health card

Kung ikaw ay isang IAW na dating may hawak na Ontario health card, mayroon kang 2 opsyon para i-renew ang iyong Ontario health card.

Kung ang iyong larawan at lagda sa iyong health card ay wala pang 5 taong gulang:

- Maaari kang mag-apply nang personal para i-renew ang iyong health card gamit ang mga kinakailangang dokumento sa anumang lokasyon ng ServiceOntario na malapit sa iyo. Maaari kang tumawag sa 1-888-376-5197 upang mag-book ng appointment.
- Maaari mong ipadala ang iyong aplikasyon sa pag-renew sa pamamagitan ng mail. Ang mga photocopy ng mga kinakailangang dokumento ay tinatanggap para sa mga pag-renew na ipinadala sa koreo. Ipadala ang iyong aplikasyon sa OHIP at mga photocopy ng mga dokumento sa:

  ServiceOntario Hamilton
  119 King Street West, 4th Floor
  Hamilton, ON L8P 4Y7

Kung ang iyong larawan at lagda sa iyong health card ay higit sa 5 taong gulang na, dapat kang magpakuha ng bagong larawan nang personal sa isang lokasyon ng ServiceOntario. Tumawag sa 1-888-376-5197 kung nais mong magpareserba ng oras ng appointment.

Kapag pumunta ka nang personal sa isang lokasyon ng ServiceOntario upang mag-apply para sa isang bagong health card sa Ontario o mag-apply para mag-renew, bibigyan ka ng isang "Transaction Record" bilang isang dokumento ng kumpirmasyon. Itago ang dokumentong ito. Tinutukoy nito ang iyong health number at ang bagong version code at maaaring gamitin upang ma-access ang mga health services hanggang sa matanggap mo ang iyong bagong health card sa mail.

Ipapadala ang iyong bagong health card sa loob ng 4 hanggang 6 na linggo sa address na nakasaad sa application form.

Kung kailangan mong kumuha ng mga health services bago mo matanggap ang iyong bagong card, maaari mong ipakita ang "Transaction Record" na natanggap mo noong nag-apply ka sa mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Tawagan ang ServiceOntario INFOline sa 1-866-532-3161 upang tingnan ang status ng iyong aplikasyon sa health card o upang humiling ng Transaction Record confirmation document.

Mga mahahalagang numero ng telepono para sa tulong, mga health services at workplace safety.

Alamin kung sino ang dapat tawagan para humingi ng tulong o sa panahon ng emergency

Kung may emergency, tumawag sa 9-1-1.

Para sa mga emergency

Kung mayroon kang agarang health emergency, o isang emergency na nangangailangan ng iba pang mga emergency services (pulis, bumbero o ambulansya) **tumawag sa 9-1-1**.

Maaaring tumawag sa 9-1-1 mula sa kahit anong telepono. **Libre** ang tawag, kahit na tumatawag mula sa payphone o cellphone. Available ang serbisyo sa mga wikang hindi Ingles, na may suporta sa wika na nakadepende sa rehiyon. Kung ang iyong rehiyon ay walang serbisyong 9-1-1, tumawag sa 1-888-310-1122 (may linya ng telepono na available 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo) o makipag-ugnayan sa iyong lokal na serbisyo ng pulisya para sa tulong.

Hindi ka maaaring direktang tumawag sa 9-1-1 sa pamamagitan ng social media o mga mobile app tulad ng WhatsApp o WeChat.

Maging handa na ibigay ang eksaktong lokasyon ng emergency. Magbigay ng street address sa halip na mga landmark upang matulungan ang mga serbisyong pang-emergency na tumugon nang mabilis. Dapat ipakita ng lahat ng may-ari ng ari-arian sa Ontario ang numero ng kanilang address. Maghanap ng numero ng address malapit sa pasukan ng gusali, sa mailbox o sa isang replektibong karatula ng 9-1-1 address sa tabi ng kalsada.

Maaari mo ring tukuyin ang iyong eksaktong lokasyon gamit ang what3words, isang smartphone app at website na lumilikha ng mga location keywords. Ang isang what3words na keyword ay maaaring tumpak na matukoy ang isang lokasyon na malayo sa mga kalye at gusali. 44 na organisasyon ng pulisya munisipal at ang Pulisya Panlalawigan ng Ontario ang gumagamit at tumatanggap ng mga address na what3words. Ang pag-alam sa iyong lokasyon ay makakatulong din upang matukoy ang mga serbisyo at suporta na magagamit sa iyong rehiyon.

Para sa mga hindi emergency.

Para sa tulong kapag hindi ito emergency, tumawag sa 1-888-310-1122 mula saanman sa Ontario (may linya ng telepono na available 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo).

Para sa mga katanungan tungkol sa kalusugan na non-emergency, makipag-ugnayan sa Health811 online (online chat available 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo), sa pamamagitan ng pagtawag 8-1-1 o 1-866-797-0000 mula sa iyong telepono. Ang serbisyo ay makukuha sa mahigit 100 wika.

Iba pang mahahalagang numero ng telepono

- Legal Aid Ontario: 1-800-668-8258
- Mental health na suporta para sa mga manggagawa (makukuha rin sa Espanyol) 1-866-267-6255
- Canadian Human Trafficking Hotline: 1-833-900-1010
- Assaulted Women's Help Line: 1-866-863-0511 or #7233
- I-report and pangaabuso sa trabaho 1-866-602-9448

Para sa mga katanungan tungkol sa mga serbisyo at programang available sa inyong lugar, maaari ka ring makipag-ugnayan sa Ontario211 online (online chat available 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo), sa pamamagitan ng pagte-text sa 2-1-1 o pagtawag sa 1-877-330-3213 mula sa inyong telepono.

Mag-access sa mga financial services at magbukas ng bank account

Karamihan sa mga employer ay magbabayad ng sahod sa pamamagitan ng direct deposit sa isang bank account sa Canada. Kung makakatanggap ka ng tseke, kakailanganin mo ng bank account para magdeposito at mag-withdraw ng pera mula sa tseke.

Hindi mo kailangang maging Canadian citizen para magbukas ng bank account sa Canada. Gayunpaman, dapat ay mayroon kang kahit man lang 2 pirasongkatanggap-tanggap at orihinal na pagkakakilanlan(hindi tatanggapin ng mga bangko ang mga photocopy). Maaari kang magbukas ng bank account kahit wala kang perang mailalagay agad sa account.

Matuto nang higit pa tungkol sa:

- paano magbukas ng bank account
- ang iyong mga karapatan at responsibilidad kapag nakikipag-ugnayan sa mga bangko

Mga buwis at mga benepisyo

Pagbabayad ng buwis sa kita

Ang ilang mga internasyonal na manggagawa sa agri-food ay dapat magbayad ng mga federal at provincial na buwis sa kita na kinita sa Ontario. Sa karamihan ng mga kaso, ang iyong empleyo ay awtomatikong magbabawas ng buwis mula sa iyong suweldo.

Ang pagbabayad ng buwis ay mandatoryo para sa lahat ng manggagawa at ito ay batay sa iyong rsidency status habang nagtatrabaho sa Ontario o kung ang iyong bansang pinagmulan ay may kasunduan sa buwis sa Canada.

Sa pagtatapos ng iyong trabaho o sa pagtatapos ng bawat taon, kakailanganin mong i-fileang iyong personal na Income Tax at Benefit Return (tax return) sa Canada Revenue Agency (CRA). Iniuulat ng tax return ang iyong kabuuang kita at mga buwis na ibinawas mula sa iyong sahod at tutukuyin kung ikaw ay karapat-dapat para sa isang refund ng mga buwis sa kita na binayaran habang nagtatrabaho sa Ontario.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagbabayad ng buwis sa Ontario:

- Unawain ang mga buwis na binabayaran mo habang nagtatrabaho sa Ontario bilang isang seasonal agricultural worker sa Government of Canada's guide at mga seasonal agricultural worker.

- Ang Ministry of Finance ay nagho-host ng mga librengwebinarupang matulungan kang matuto tungkol sa mga buwis, tax credits, at mga benepisyo ng Ontario.
- Paano ko ihahain ang aking tax return?
- Pag-set up ng account para maghain ng iyong tax return sa CRA
- CRA NETFILE (filing taxes online)

Third-party representative

Maaari kang magtalaga ng isang kinatawan upang makipag-ugnayan sa CRA sa iyong ngalan. Ang isang kinatawan ay maaaring:

- isang indibidwal
- isang grupo ng mga indibidwal
- isang entidad ng negosyo

Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagpirma sa Form AUT-01 – Authorize a Representative para sa Offline Access. Ang form na ito ay nagbibigay-daan sa itinalagang kinatawan na ma-access ang impormasyon na may kaugnayan sa iyong mga tax account.

Isumite ang nakumpleto at nilagdaang form sa loob ng 6 na buwan mula sa petsa ng paglagda sa sumusunod na address:

Sudbury Tax Centre
Post Office Box 20000, Station A
Sudbury ON P3A 5C1
Canada

Mga Benepisyo sa ilalim ng Canada Pension Plan

Ang lahat ng manggagawa sa Canada ay dapat magbayad sa Canada Pension Plan (CPP), na nagbibigay ng mga benepisyo sa kita dahil sa pagreretiro, kapansanan o pagkamatay. Ang uri ng benepisyong maaari mong matanggap ay depende sa halagang iyong iniambag sa CPP habang nagtatrabaho sa Canada. Ang mga kontribusyon sa CPP ay awtomatikong ibabawas sa iyong sahod ng employer.

Kung nag-ambag ka sa CPP noong nagtatrabaho ka sa Canada, maaari kang makatanggap ng benepisyo sa kita sa iyong bansang pinagmulan sa kalaunan. Ang iyong asawa at pinakamalapit na kamag-anak ay maaari ring maging karapat-dapat sa mga benepisyo ng survivor sa ilalim ng CPP.

Para maging kwalipikado para sa CPP, kinakailangan mong kumita ng higit sa $3,500 sa isang taon sa pagtatrabaho sa Canada na may valid na work permit. Kung mas mababa sa halagang iyon ang iyong kinikita, anumang kontribusyon na ginawa ay ibabalik sa iyo kapag isinumite mo ang iyong tax return sa katapusan ng iyong trabaho o sa taong iyon.

Dapat ay mayroon kang Social Insurance Number (SIN) upang ma-access ang mga benepisyong iniaalok sa CPP. Para makita ang iyong mga kontribusyon na ginawa sa CPP, kakailanganin mong gumawa ng online account gamit ang portal na My Service Canada Account gamit ang iyong SIN.

Dapat kang mag-apply nang hindi bababa sa 11 buwan bago mo gustong simulang makatanggap ng benepisyo ng CPP. Kung nakatira ka sa labas ng Canada, dapat mong punan ang isang aplikasyon at ipadala ito sa Service Canada. Ang mga bayad para sa mga benepisyo ng CPP ay maaaring ipadala kahit saan sa mundo sa isang foreign account sa pamamagitan ng direct deposit o ipadala bilang tseke sa anumang address.

Para sa mga katanungan tungkol sa CPP, kung paano mag-apply at makatanggap ng mga benepisyo, maaari kayong makipag-ugnayan sa Canada Pension plan habang nasa Canada sa 1-800-454-8731. Kung ikaw ay nasa labas ng Canada, maaari kang tumawag sa 1-613-957-1954.

Pagkuha ng driver’s licence

Pagmamaneho sa Ontario: ang kailangan mong malaman

Para legal na makapagmaneho ng sasakyan sa mga kalsada sa Ontario, kailangan mong:

- may balidong driver's license (figure 2)
- magkaroon ng balidong owner's permit, plaka ng sasakyan, at insurnace policy para sa sasakyang iyong minamaneho
- magmaneho nang ligtas at sundin ang lahat ng batas trapiko



Figure 2. Driver's licence

Kung mayroon ka nang balidong driver's license mula sa ibang probinsya, estado o bansa, maaari mong gamitin ang lisensyang iyon sa loob ng 60 araw. Pagkatapos ng 60 araw, kinakailangan mo ng kumuha ng Ontario driver's license.

Kung wala kang balidong driver's license at gusto mong magmaneho sa probinsya, dapat ay hindi ka bababa sa 16 taong gulang at kumuha ng driver's license sa Ontario.

Para makapagmaneho sa mga kalsada sa Ontario, kailangan mo ng:

- isang lisensya sa G class kung gusto mong magmaneho ng kotse, van at/o maliit na trak
- isang lisensya sa klase M kung gusto mong magmaneho ng motorsiklo, motor scooter at/o moped

Gumagamit ang Ontario ng isang graduated licensing system na idinisenyo upang bigyan ang mga bagong drayber ng oras upang magsanay at makakuha ng karanasan sa pagmamaneho sa paglipas ng panahon. Ang mga drayber ay nagsisimula sa level 1 (lisensyang G1 o M1), umuusad sa level 2 (lisensyang G2 o M2) at maaaring maging kwalipikado para sa isang buong lisensyang G o M. Ang bawat antas ay may mga partikular na patakaran at mga testing requirements.

Matuto nang higit pa tungkol sa:

- driver's license para sa mga bagong driver
- ang Driver's Handbook ang gabay upang matulungan kang mag-aral para sa iyong written test

Ipagpalit ang foreign driver's licence

Kung mayroon kang driver's license mula sa isang bansang may exchange agreement sa Ontario, maaari kang maging eligible na ipagpalit ang iyong lisensya para sa Ontario driver's license.

- Kailangan mong mag-apply nang personal sa isang DriveTest Centre o sa lokasyon ng ServiceOntario Bay and College sa Toronto.

Kailangan mong magdala ng:

- isang orihinal na katanggap-tanggap na identity document(s) na nagpapatunay ng iyong legal na pangalan at kumpletong petsa ng kapanganakan kasama ang araw, buwan at taon
- ang iyong orihinal at balidong driver's license sa labas ng probinsya/dayuhan
- isang supporting document, authentication letter o abstrak na nagpapakita ng karagdagang karanasan sa pagmamaneho (kung kinakailangan)
- isang certified translation ng isang translator na kinikilala ng MTO kung ang iyong lisensya ay wala sa English o French
- isang opisyal na liham mula sa iyong home licensing authority na nagpapatunay sa iyong karanasan sa pagmamaneho

Matuto nang higit pa:

- Exchanges & Foreign Licences - DriveTest Home
- Mag-apply para magpalit ng lisensya sa labas ng probinsya

Mga video tungkol sa kung paano makakuha ng driver's license

Maaari mong ma-access ang mga video na nagbibigay ng impormasyon na nagpapaliwanag kung paano makakuha ng lisensya sa pagmamaneho sa Ontario. Ang mga bidyong ito ay makukuha sa:

- English
- Tagalog
- Spanish

Impaired driving

Ang pagmamaneho sa ilalim ng impluwensya ng droga o alkohol ay mapanganib at ilegal. Alamin ang mga panganib at parusa ng pagmamaneho habang nalalasing dahil sa alak, cannabis o iba pang mga substances.